

KNOWLES CORPORATION

KODIGO NG PAG-UUGALI

AT ETIKA SA PAGNEGOSYO

SULAT MULA SA ATING CHIEF EXECUTIVE OFFICER

Minamahal na Kapwa Empleyado ng Knowles Corporation,

Lahat tayo sa Knowles ay taas-noong nagmamalaki sa pagbibigay sa ating mga kustomer ng mga mahuhusay na produkto at serbisyo na sumasalamin sa ating pangako sa pagpapatakbo nang may kahusayan, makabago at pangunguna sa merkado. Ang ating layunin ay ang manguna sa bawat merkado na ating pinaglilingkuran upang makinabang ang ating mga kustomer at ang ating mga kasosyo.

Ang pinagsamang pagsusumikap ng ating buong organisasyon ay nakasentro sa palibot ng limang importanteng simulain na nagpapakilos sa atin araw-araw. Ang mga Simulain ng Knowles ay:

Diwa ng pagtutulungan sa pagnenegosyo.

Pagtatagumpay sa pamamagitan ng ating mga kustomer.

Matataas na pamantayang etikal, pagiging bukas at pagtitiwala. Mga inaasahan para sa mga resulta.

Respeto at pagpahalaga sa mga tao.

Habang patuloy na lumalaki ang Knowles, ang pandaigdigang negosyo at teknolohiya ay nagbabago upang matugunan ang mga pangangailangan ng kasalukuyang merkado. Habang nagaganap ang lahat ng pagbabagong ito, kailangan nating patuloy na manghawakan sa ating mga Simulain at gumawa taglay ang pinakamatataas na etikal na pamantayan. Mas mahalaga ito ngayon higit kailanman yamang ang kasanayan sa negosyo ng korporasyon ay higit na binubusisi at ang regulasyon ng lahat ng industriya ay tumitindi.

Ang **Kodigo ng Pag-uugali at Etika sa Pagnenegosyo ng Knowles Corporation** ang nagtatakda ng mga pamantayan na siyang dapat palagi nating isinasagawa sa ating mga operasyon. Ang Kodigo ay kapit sa lahat ng empleyado, kontratista, ahente at direktor, na nagtatakda ng malinaw na inaasahan ng mga pamantayan na dapat nating sundin sa lahat ng ating mga gawaing may kaugnayan sa trabaho. Ang ating Kodigo ay ipapatupad nang walang kinikilingan at pantay-pantay, anuman ang ating posisyon sa Knowles. Hihilingin kang pormal na kilalanin na natapos mong basahin ang Kodigong ito, naunawaan ito at sumang-ayon na sumunod dito.

Dapat gawin ng bawat isa sa atin ang ating bahagi upang maiwasan o maiwasto ang mga paglabag sa lugar ng trabaho. Dapat mong talakayin ang anumang mga katanungan o ikinababahala na maaaring mayroon ka tungkol sa Kodigo o anumang gawain sa Knowles sa iyong superbisor o iba pang mga itinalagang kinatawan ng Knowles. Ituturing ng Knowles na kompidensiyal ang mga ulat ng paglabag sa pinakamatataas na antas na posible, at walang sinumang nagmagandahang-loob na mag-uulat ng isang pinaghihinalaang paglabag ang sasailalim sa paghihiganti dahil sa paggawa ng gayong ulat.

Ang etikal na paggawi ay higit pa kaysa sa pagiging basta mga legal na obligasyon lang natin – ginagawa nitong makahulugan ang pagnenegosyo. Ang ating tagumpay sa pagnenegosyo ay nakasalalay sa ating reputasyon sa etikal na pagganap ng negosyo, na nagbibigay-daan sa atin upang maging parehong mabisa at epektibo sa ating mga pang-araw-araw na transaksyon.

Mangyaring basahin ang Kodigo nang maingat at mabuti. Panumbalikin nating lahat ang ating pangako na protektahan at palakasin ang reputasyon ng Knowles para sa integridad at para panindigan ang mga pamantayan na itinakda sa Kodigo.

Taos-pusong sumasainyo,



Jeffrey S. Niew
Presidente at Chief Executive Officer

TALAN NG MGA NILALAMAN

SULAT MULA SA ATING CHIEF EXECUTIVE OFFICER....	Error! Bookmark not defined.
WELCOME SA ATING PANGGLOBONG KODIGO.....	Error! Bookmark not defined.
Ano ang Layunin ng Ating Kodigo?.....	1
Kanino Kumakapit ang Ating Kodigo?	1
Ano ba ang Inaasahan sa Akin?	1
MGA PAGTATANONG AT PAGLALAHAD NG MGA IKINABABAHALA.....	4
Paano Ako Hihiling ng Patnubay o Gagawa ng Ulat?.....	4
Gaganti Ba ang Sinuman Laban sa Akin sa Paggawa ng isang Ulat?	5
Ano ang Mangyayari Matapos Kong Gumawa ng Ulat?.....	5
Ano ang mga Kahihinatnan ng mga Paglabag sa Kodigo?.....	5
PAGGALANG AT PAGPAPAHALAGA SA MGA TAO	Error! Bookmark not defined.
Pagtanggap sa Lugar ng Trabaho.....	6
Patas na Pagpapatrabaho.....	7
Ligtas at Masiglang Kapaligiran sa Pagtatrabaho.....	8
PAGGALANG AT PAGPAPAHALAGA SA ATING MGA KUSTOMER AT SUPPLIER	9
Mga Ligtas na Produkto at De-kalidad na Serbisyo	9
Patas na Pakikitungo at ang mga Batas sa Kompetisyon.....	10
Etikal na Pagtrato sa mga Supplier	Error! Bookmark not defined.
Proteksyon ng Impormasyon ng Ikatlong Partido	Error! Bookmark not defined.
Mga Katanungang Isinasagawa ng mga Analyst at ng Media.....	Error! Bookmark not defined.
PAGGALANG AT PAGPAPAHALAGA PARA SA BATAS AT ETIKA.....	Error! Bookmark not defined.
Pagsunod sa Kalakalan	Error! Bookmark not defined.
Salungatan ng Interes; Mga Di-wastong Pakinabang at Ugnayan.....	Error! Bookmark not defined.
Panunuhol, mga Kickback at Iba Pang mga Hindi Wastong Pagbabayad.....	19
Mga Asset, Impormasyon at Teknolohiya ng Knowles.....	20
Mga Patent, Copyright, Trademark at Lihim ng Kalakalan.....	Error! Bookmark not defined.
Seguridad ng Computer at ng Data.....	22
Integridad ng Ating mga Pinansyal na Libro at Talaan	Error! Bookmark not defined.
Pagpapanatili ng mga Dokumentong at Talaan	24
Pag-iwas sa Insider Trading.....	Error! Bookmark not defined.
Mga Pagsisiyasat at Pag-o-audit	Error! Bookmark not defined.
PAGGALANG AT PAGPAPAHALAGA SA ATING MGA PANGGLOBONG	
KOMUNIDAD	Error! Bookmark not defined.
Pangkapoligirang Pagpapanatili.....	Error! Bookmark not defined.
Mga Kontrata ng Pamahalaan.....	Error! Bookmark not defined.
Mga Pampolitikal Kontribusyon.....	Error! Bookmark not defined.
Money Laundering.....	26
MGA PAGWAWAKSI NG ATING KODIGO	Error! Bookmark not defined.

WELCOME SA ATING PANGGLOBONG KODIGO

ANO ANG LAYUNIN NG ATING KODIGO?

Sa Knowles Corporation (ang ating "**Kompanya**"), naunawaan natin na ang ating tagumpay ay nakasalalay sa ating reputasyon sa wastong pagganap ng negosyo. Sa bawat araw, inaasahang gaganap tayo ng ating mga trabaho nang tapat, masigasig at may integridad. Sa kadahilanang ito, binuo natin ang Kodigo ng Pag-uugali at Etika sa Pagnenegosyo ng Knowles Corporation (ang ating "**Kodigo**"). Ang ating Kodigo ay dinisenyo upang tulungan ang bawat isa sa atin na pagtibayin ang ating mga pinapahalagahang reputasyon sa pamamagitan ng pagsasagawa sa mga wasto, responsable at legal na kasanayan sa pagnenegosyo sa lahat ng ating mga operasyon sa buong mundo. Isa itong mapagkukunan na iyong magagamit kapag kailangan mo ng impormasyon o gabay bago gumawa ng isang desisyon.

Sa pamamagitan ng ating Kodigo, nagtakda ang ating Kompanya ng pandaigdig na pamantayan upang makatulong na matiyak na nagsasagawa tayo ng negosyo nang walang kinikilingan at may katapatan, at na ang ating mga Simulain at Kakayahan sa Pamumuno ay napagtitibay. Bilang karagdagan, ipinapakita sa atin ng ating Kodigo kung paano makipag-ugnayan sa etikal na paraan sa bawat isa sa ating mga stakeholder—kabilang ang ating mga kapwa empleyado, kustomer, supplier, kakompanya, gobyerno at komunidad—at sa pinakainteres ng ating mga shareholder. Ang pag-unawa at pagsunod sa ating Kodigo ay isang mahalagang bahagi ng pagpapanatili ng kultura at ng mabuting pangalan ng Knowles. Makakakita ka ng maraming mga mapagkukunan sa kabuuan ng ating Kodigo upang tulungan kang gumawa ng pinakamahuhusay na pagpapasya kapag nagsasagawa ng negosyo ng Knowles.

KANINO BA KUMAKAPIT ANG ATING KODIGO?

Ang bawat isa sa atin ay gumaganap ng isang mahalagang papel sa etikal na kultura at kasanayan sa negosyo ng ating Kompanya. Kabilang dito ang mga buong panahon at part time na empleyado ng Knowles Corporation at ang mga bahagi nito, mga pinapatakbong kompanya at mga sangay sa buong mundo, kasama ng Lupon ng mga Direktor ng Kompanya. Samakatuwid, tayong lahat ay saklaw ng parehong kodigo.

Karagdagan pa, naghahanap ang Knowles Corporation ng mga kasosyo sa negosyo—mga distributor, supplier, tagapayo, ahente at iba pang mga ikatlong partidong tagapaglaan—na siyang kumikilos sa paraang umaayon sa ating Kodigo. Hindi tayo nakikipagnegosyo sa mga ikatlong partidong lumalabag sa ating matataas na pamantayan o lumilihis mula sa mga simulaing pinagsusumikapan nating likhain.

ANO BA ANG INAASAHAN SA AKIN?

Dahil ang ating Kodigo ay kumakapit sa ating lahat, napakahalaga na magkaroon ang bawat isa ng kamalayan tungkol sa ating mga responsibilidad. Kapag kumikilos sa ngalan ng Knowles Corporation, tayo ay inaasahang:

- Kumilos nang may katapatan at integridad

- Unawain at sundin ang mga batas at regulasyon na kumakapit sa atin at sa ating mga trabaho
- Basahin, unawain at sundin ang ating Kodigo
- Humiling ng patnubay kapag mayroon tayong mga katanungan
- Mag-ulat ng anumang pinaghihinalaang paglabag sa Kodigo sa pamamagitan ng pagsunod sa mga hakbang na inilarawan sa seksyon na "Pagtatanong at Paglalahad ng mga Ikinababahala" ng ating Kodigo
- Makipagtulungan sa anumang mga pagsisiyasat tungkol sa potensyal na maling paggawi

Tayong lahat ay mga tagapangalaga ng ating Kodigo, anuman ang ating lokasyon, posisyon o unit ng negosyo. Samakatuwid, dapat sumunod tayong lahat sa iisang mga panuntunan. Sa paggawa nito, tumutulong tayong gumawa ng isang mas mahusay, mas malakas na Knowles.

Pagsunod sa Sulat at Diwa ng Batas

Nagsasagawa ang Knowles Corporation ng negosyo sa buong mundo. Dahil sa ating pandaigdig na presensya, mahalaga na kilalanin na ang mga batas, regulasyon, mga kasanayan at kaugalian sa negosyo sa isang bansa ay maaaring magkaroon ng malaking pagkakaiba kumpara sa iba. Habang napakahalaga para sa atin na respetuhin ang mga pagkakaiba sa pagitan ng iba't ibang mga batas at kaugalian, hindi tayo dapat lumalabag sa ating Kodigo o sa mga patakaran ng Kompanya sa paggawa nito. Kung bumangon ang isang sitwasyon kung saan may pagkakasalungatan sa ating Kodigo, mga patakaran ng Kompanya, o mga batas ng anumang bansa, dapat kang humingi ng patnubay mula sa iyong superbisor o sa alinman sa mga mapagkukunang nakalista sa ibaba bago magsagawa ng pagkilos.

Mga Karagdagang Inaasahan mula sa mga Superbisor

Ang mga superbisor ay mga etikal na lider sa loob ng Knowles. Bilang isang superbisor ng ibang tao, isa kang mapagkukunan ng tulong at modelo para sa tamang pag-uugali sa pagnenegosyo. Samakatuwid, bilang isang superbisor, mayroon kang mga karagdagang responsibilidad pagdating sa pagpapatibay ng ating Kodigo. Inaasahan kang magsusulong ng isang positibong kapaligiran sa trabaho kung saan ang mga tao ay pinakikitunguhan nang may dignidad at respeto at malayang magbangon ng mga ikinababahala at magkakaibang pananaw. Bilang superbisor, kailangan mong gawin ang iyong bahagi upang makagawa ng kaugalian ng pagkamasunurin.. Maaari mo itong magawa, bilang bahagi, sa pamamagitan ng:

- Pagsunod sa mga pamantayan ng ating Kodigo sa lahat ng oras
- Tinitiyak na nauunawaan at nasusunod ng iyong pinamamahalaan ang mga pamantayang nakasaad sa ating Kodigo, at nasasagot mo ang anumang mga katanungan na maaaring mayroon sila tungkol sa ating Kodigo o mga patakaran ng Kompanya
- Pagsuporta sa mga may kagandahang-loob na nagbabangon ng pagkabahala o nag-uulat ng mga pinaghihinalaang problema

- Huwag kailanman magsagawa—o magpahintulot— ng anumang pagkilos na naghihiganti laban sa isang tao para sa paggawa ng may kagandahang-loob na nag-ulat ng mga pinaghihinalaang maling paggawi.
- Pagpapaabot ng mga isyu ng aktuwal o potensyal na maling paggawi sa naaangkop na mga mapagkukunan ng tulong

Bilang superbisor, ang etikal na pag-uugali ay nagsisimula sa iyo. Ang pangunguna sa pamamagitan ng halimbawa ay ang pinakamahusay na paraan upang pukawin ang etikal na pag-uugali sa iba.

MGA PAGTATANONG AT PAGLALAHAD NG MGA IKINABABAHALA

PAANO AKO HIHILING NG PATNUBAY O GAGAWA NG ULAT?

Kung hindi ka sigurado tungkol sa mga tamang gawin sa isang sitwasyon ng pagnenegosyo, dapat kang humingi ng patnubay. Bukod pa rito, mayroon kang responsibilidad na bigyang babala ang iyong superbisor o anuman sa mga mapagkukunan na nakalista sa ibaba kung may alam ka tungkol sa o may pinaghihinalaang masamang paggawi. Ang pag-uulat ng iyong mga ikinababahaya ay nag-aambag sa ating etikal na kultura at tumutulong sa Knowles na mabawasan ang anumang pinsala sa ating mga kapwa empleyado, iba pang mga stakeholder, Kompanya at tatak.

Ang iyong superbisor ay kadalasang ang pinakaangkop na taong makakatulong sa iyo. Gayunpaman, kung hindi ka komportableng talakayin ang usapin sa iyong superbisor, o kung ang kanyang tugon ay hindi sapat, maaari ka ring makipag-ugnayan sa:

- Isang kinatawan ng Human Resources na nasa iyong lokasyon, gumagawa ng negosyo o isang segment
- Ang CFO o Presidente sa iyong lugar ng negosyo
- Law Department ng Knowles
- Corporate Compliance Department ng Knowles
- Pandaigdig na Hotline ng Knowles sa 1-855-657-8022 (kung nasa US), 1-800-81-6971 (kung nasa Malaysia), 4009911204 (kung nasa China) o sa www.knowles.ethicspoint.com (sa labas ng US) at piliin ang "mag-ulat sa pamamagitan ng telepono"

Ang Pandaigdig na Hotline ng Knowles ay available 24 oras araw-araw, 7 araw sa isang linggo at na pinamamahalaan ng isang ikatlong partido. Maaari kang mag-ulat ng isang bagay sa pamamagitan ng Hotline gamit ang telepono, o sa pamamagitan ng pagsusumite ng isang ulat na web-based. Para sa mga tawag sa Hotline, ang ikatlong partido na call center ang sasagot sa mga tawag at isinusulat ang impormasyong iniulat. Hindi kailanman gumagamit ng Caller ID, at walang gagawin upang sundan ang anumang tawag na ginawa sa Hotline. Ang isang ulat na web-based ay maaaring isumite sa www.knowles.ethicspoint.com.

O kaya naman, maaari kang magpadala ng isang mensahe na may mga detalye ng usapin at mga angkop na dokumento sa:

Knowles Corporation
1151 Maplewood Drive
Itasca, IL, USA 60143
Attention: Corporate Law Department

Maaari kang mag-ulat ng hindi nakikilala, kung pinahihintulot ng lokal na batas. Gayunpaman, tandaan na mas maraming impormasyong iyong ibibigay, mas madali para sa Kompanya ang siyasatin at angkop na tumugon sa iyong mga ulat.

GAGANTI BA ANG SINUMAN LABAN SA AKIN SA PAGGAWA NG ISANG ULAT?

Bahagi ng pagsusulong ng isang kaugalian ng integridad ay nangangahulugan ng pagkadama ng kapanatagan sa paggawa ng isang ulat. Hindi pinahihintulutan ng Knowles ang anumang paraan ng paghihiganti dahil sa pag-uulat, nang may kagandahang-loob, ng pinaghihinalaang ilegal o hindi wastong pag-uugali. Nangangahulugan ang pag-uulat ayon sa "kagandahang loob" na ibinigay mo ang lahat ng impormasyong mayroon ka at naniniwala ka na ito ay totoo, kahit pa lumabas na hindi napatunayan o walang ibidensyang totoo ang iyong ulat. Kung pinaghihinalaan mong pinaghihigantihan ka, dapat kang makipag-ugnayan sa Human Resources o sa ating Pangglobong Hotline.

ANO ANG MANGYAYARI MATAPOS KONG GUMAWA NG ULAT?

Sa Knowles, siniseryoso namin ang mga paglabag sa ating Kodigo. Kaya naman, ang lahat ng mga ulat ng aktuwal o pinaghihinalaang hindi wastong pag-uugali ay sinisiyasat. Nakatoon ang Knowles sa pagpapanatiling kompidensiyal ng iyong impormasyon sa pinakamakatuwirang antas na posible sa ilalim ng lokal na batas, at nagsusumikap na ibunyag ang iniulat na impormasyon tangi lamang sa isang mahigpit, “need-to-know” na batayan.

ANO ANG MGA KAHIHINATNAN NG PAGLABAG SA KODIGO?

Dahil sa ang ating Kodigo ay isang mahalagang bahagi ng ating etikal na kultura at reputasyon, maaaring magresulta ang mga paglabag sa Kodigo sa mga seryosong pagkilos ng disiplina — hanggang sa at kabilang ang pagkakatanggal sa trabaho. Sa mga naaangkop na kaso, maaari ring isangguni ng Knowles ang hindi tamang pag-uugali sa mga naaangkop na awtoridad para sa pag-uusig. Maaari itong magharap sa mga indibidwal na kasangkot sa mga sibil at/o kriminal na parusa.

PAGGALANG AT PAGPAPAHALAGA SA MGA TAO

PAGTANGGAP SA LUGAR NG TRABAHO

Pagkakaiba at Pagsasama

Isa sa mahahalagang kalakasan ng Knowles sa merkado ay ang pagkakaiba-iba ng ating mahuhusay na puwersa ng manggagawa. Ang Knowles ay binubuo ng mga bihasa, dedikadong taong may integridad. Aktibo nating hinahanap ang mga indibidwal mula sa isang malawak na pagkakaiba—iba ng kulturang pinagmulan at natapos na edukasyon upang mag-ambag sa etikal na kultura ng ating Kompanya. Layunin nating pagyamanin at maipagpatuloy ang natatanging pagsasama ng mga indibidwal at itaguyod ang mga kapaligiran sa trabaho at relasyon sa negosyo na nagbibigay-daan sa bawat isa sa atin na maabot ang ating buong kakayahan. Ang paggawa nang gayon ay tumutulong sa ating lahat na makamit ang tagumpay. Samakatuwid, dapat palagi nating pakitunguhan ang isa't isa nang may dignidad at yakapin ang ating iba't ibang mga kasanayan, ideya at background.

Sa pamamagitan ng pagpapanatili ng isang magkakaibang puwersa ng manggagawa, pinayayaman natin ang ating kultura at nakapaligid na komunidad, lumilikha ng halaga para sa ating mga stakeholder. Sa mga kadahilanang ito na dapat tayong nagsusumikap na irespeto at pahalagahan ang pagkakaiba ng ating mga kapwa empleyado sa Knowles.

Diskriminasyon at Panliligalig

Ang pagtataguyod ng pagkakaiba-iba sa ating buong Kompanya ay mababale-wala kung hindi natin pinakikitunguhan ang isa't isa nang may paggalang. Tapat ang Knowles sa layunin nitong magpanatili ng isang kapaligiran sa trabaho na komportable at propesyonal. Sama-sama, dapat tayong magsumikap na lumikha ng isang lugar ng trabaho na malaya mula sa diskriminasyon at panliligalig.

Patakaran ng Knowles na sumunod sa mga naaangkop na batas sa pagtatrabaho. Habang ang mga empleyado at aplikante para sa trabaho ay dapat na kwalipikado at nakakagawa ng mahahalagang tungkulin ng trabaho, dapat na pinag-ukulan ang bawat tao ng pantay na pagkakataon nang lubusan ayon sa isinasaad ng batas at nang walang pagtatangi sa lahi, kulay, relihiyon, kapansanan, bansang pinagmulan, kasarian, sekswal na oryentasyon, marital status, edad o iba pang mga katangiang protektado ng batas. Ibinabatay ng ating Kompanya ang pagkakaloob ng mga posisyon sa pagiging karapat-dapat. Kailangan nating igalang ang bawat karapatan ng mga kapwa empleyado at ikatlong partido. Patakaran natin na magbigay ng makatuwirang pag-alalay sa mga kwalipikadong indibidwal sa lahat ng aspeto ng proseso ng pagpapatrabaho.

Bilang karagdagan, hindi pinapayagan ng ating patakaran ang panliligalig o anumang paggawing lumilikha ng isang nakakasindak, nakakasakit o nakakapanliit na kapaligiran para sa ibang tao.

Ang panliligalig ay maaaring sekswal o di-sekswal na katangian. Maaaring kasama sa panliligalig, halimbawa, ang mga inaayawang paglapit na may sekswal na motibo, nakakasakit na komento na may sekswal na pasaring, paghawak o paghipo, kahilingan para sa mga sekswal na pabor, mga hindi naaangkop na komento o paglalarawan, o anumang mga pagbibiro o larawang may kaugnayan sa protektadong katangian ng isang tao. Upang panatilihin malaya sa

panliligalig ang ating lugar ng trabaho, kailangan nating tiyaking naaangkop at magalang ang ating mga komento at pagkilos. Kung nadarama mong nakakaranas ka o nakakapansin ng anumang nagtatangi o nanliligalig na paggawi, dapat agad mong iulat ang pangyayari sa iyong superbisor, sa kinatawan ng Human Resources o sa ating Pangglobong Hotline.

T at S (Tanong at Sagot)

- T: Nagtatrabaho sina Anastasia at Elena nang malapit sa isa't isa. Bagaman wala silang malapit na ugnayan, bahagi sila ng parehong team. Madalas gumagamit si Elena ng bulgar na pananalita kapag nadidismaya siya sa kanyang trabaho o kapag hindi maganda ang kanyang araw — pananalitang para kay Anastasia ay hindi tama o nakakasakit. Kahit pinayuhan na ni Anastasia si Elena na bawasan niya ang kanyang pagmumura, hindi siya nito pinakinggan, na sinasabing, "Ganito ko hinaharap ang stress. Wala akong anumang ibig sabihin dito." Hindi nagbago ang kanyang paggawi, at binabagabag pa rin si Anastasia ng sitwasyon. Anong susunod na hakbang ang dapat niyang gawin?
- S: Tama ang ginawa ni Anastasia na pagsasabi ng kanyang mga ikinababahalang kay Elena. Gayunpaman, dapat na iginalang ni Elena ang damdamin ni Anastasia at huminto na sa paggamit ng nakakasakit at hindi magandang pananalita. Dahil hindi nagbago ang paggawi ni Elena, inilapit sana ni Anastasia ang usapin sa kanyang superbisor o sa kinatawan ng Human Resources para sa karagdagang pagsusuri. Bagaman maaaring hindi naman intensyon ni Elena na makasakit ng damdamin ng kanyang mga kasamahan sa trabaho, ang kanyang mga aksyon ay hindi tama at umaasa ang Knowles rerespetuhin ng mga empleyado nitoang iba.

PATAS NA PAGPAPATRABAHO

Ang pagrespeto at pagpapahalaga sa ating mga tao ay nangangahulugan ng pagsasagawa ng patas na pagpapatrabaho. Ang ibig sabihin nito, bilang karagdagan sa pagpapanatili ng isang lugar ng trabaho na malaya mula sa diskriminasyon at panliligalig, dapat nating itaguyodang mga karapatang pantao sa lahat ng ating mga operasyon. Upang magawa ito, kailangan nating sumunod sa lahat ng mga batas ukol sa pasahod at oras ng trabaho sa mga lokasyon kung saan tayo nagnenegosyo. Hindi pinapayagan ng Knowles ang pagpapatrabaho ng mga bata o sapilitang pagpapatrabaho, at tumatanggi tayong makipagnegosyo sa sinumang mga supplier o iba pang mga ikatlong partido na gumagawa nito. Ibig sabihin, bukod sa iba pang mga bagay, hindi natin pinahihintulutan ang pananamantala sa mga bata, pisikal, berbal o emosyonal na pang-aabuso o ng sapilitang paglilingkod. Upang suportahan ang epektibong pagwawakas sa pagpapatrabaho sa mga bata sa buong mundo, lubos nating iginagalang ang lahat ng mga naaangkop na batas na nagtatakda sa minimum na edad para sa pagpapatrabaho.

Upang mapanghawakan ng ating Kompanya ang pangakong ito, napakahalagang huwag nating pahintulutan ang masamang pakikitungo sa mga manggagawa sa alinman sa ating mga pasilidad o sa pamamagitan ng ating mga supplier, distributor o ahente. Kung alam mo o may pinaghihinalaan kang sinuman na nakikipagnegosyo sa ngalan ng Knowles na sangkot sa hindi etikal na kasanayan sa trabaho, dapat na agad mong iulat ang pangyayari nang sinusunod ang mga hakbang na itinakda sa "Paano Ako Hihiling ng Patnubay o Gagawa ng Ulat?"

Pagprotekta sa Personal na Impormasyon ng Bawat Isa

Bilang karagdagan sa pagrespeto sa mga pagkakaiba ng bawat isa, inaasahan tayong magsasanggalang ng personal na impormasyon ng bawat isa. Sa araw-araw, ipinagkakatiwala natin sa Knowles Corporation ang pribado at sensitibong personal na impormasyon. Maaaring kasama ng naturang impormasyon ang mga address ng tahanan, suweldo, impormasyon sa kalusugan, mga numero ng pagkakakilanlang mula sa pamahalaan at impormasyon sa pasuweldo. Napakahalagang sundin natin ang lahat ng naaangkop na batas sa pagkapribado ng impormasyon na sumasaklaw sa pangangasiwa sa impormasyong ito. Dapat din natin respetuhin ang pagkapribado ng impormasyon sa pamamagitan ng pag-access at pagbabahagi lamang ng mga kompidensyal na impormasyon ng empleyado para sa mga lehitimong layunin ng pagnenegosyo, at pagkatapos lamang na matanggap ang mga wastongpag-apruba. Hindi natin dapat kailanman ulitin o talakayin ang impormasyong ito upang ipaalam sa sinuman na walang kinalaman sa negosyo.

LIGTAS AT MASIGLANG KAPALIGIRAN SA PAGTATRABAHO

Napakahirap itaguyod ng isang positibo at etikal na kapaligiran ng trabaho, at ang magtagumpay sa negosyo kapag hindi tayo panatag o ligtas. Samakatuwid, mayroong responsibilidad ang bawat isa sa ating Kompanya at sa isa't isa na itaguyod ang isang ligtas, tiwasay na lugar ng trabaho para sa lahat ng empleyado ng Knowles.

Magkakaiba-iba ang mga regulasyon sa kaligtasan bawat bansa at estado. Samakatuwid, bilang karagdagan sa ating mga pangglobong pamantayan para sa pagtataguyod ng kaligtasan, ang ating mga lokasyon ay may inilagay na mga detalyadong patakarang pangkaligtasan. Ang mga patakarang ito ay maaaring mag-iba-iba depende sa mga pangangailangan sa trabaho at mga lokal na regulasyon. Responsibilidad mong malaman at sundin ang mga pangglobo at lokal na patakarang pangkaligtasan na kumakapit sa iyong trabaho.

Dapat nating sundin ang lahat ng patakaran at regulasyong pangkaligtasan at panseguridad. Dapat mong iulat agad ang anumang mga paglabag sa mga patakarang pangkaligtasan o mga potensyal na panganib sa iyong superbisor o isa sa mga mapagkukunan na nakalista sa seksyong "Paano Ako Hihiling ng Patnubay o Gagawa ng Ulat?" ng Kodigo. Ang hindi pag-uulat nang wasto tungko sa isang nalalamang paglabag sa kaligtasan—o na nagmumungkahi sa isa pang empleyado na huwag mag-ulat—ay isang paglabag sa ating Kodigo at maaaring magresulta sa pandisiplinang pagkilos, hanggang sa at kabilang ang pagtatanggal.

Droga at Pag-inum ng Alkohol

Napakahalaga na ganapin ng bawat isa ang ating mga trabaho nang ligtas at sa responsableng paraan—kung hindi, isinasapanganib natin ang ating sarili at ang iba, gayundin ang pinsala sa reputasyon ng ating Kompanya. Sa kadahilanang ito, hindi ka kailanman dapat magtrabaho sa ilalim ng impluwensya ng anumang alak o mga ilegal na droga, o magtaglay ng ilegal na droga sa iyong lugar ng trabaho. Ang paggawa nito ay talagang hindi katanggap-tanggap—ikinokomprimiso mo ang iyong kaligtasan at ng iyong mga kapwa empleyado. Bilang karagdagan, dapat mong maunawaan ang mga epekto ng anumang mga inireresetang gamot na

iniinom mo upang hindi makagambala ang mga ito sa iyong kakayahan na gawin ang iyong trabaho nang ligtas at epektibo, kabilang ang pag-o-operate ng mga sasakyan at makinarya.

Minsan, maaaring ihain ang alkohol sa mga pagtitipon ng Kompanya tulad ng isang picnic ng Kompanya o party ukol sa holiday, o sa aprubadong mga kaganapan tulad ng hapunan ukol sa negosyo. Kung iinom ka ng alak sa isang pagtitipon ng Kompanya, dapat na alinsunod ang iyong pagkonsumo sa iyong lokal na mga kasanayan sa opisina, kabilang ang pagkuha ng kinakailangang mga pahintulot, at dapat gawin nang katamtaman. Bilang karagdagan, hindi dapat kailanman makadama ang sinuman ng panggigipit na uminom ng alak sa isang pagtitipon ng Kompanya. Panghuli, dapat mong maunawaan ang mga epekto ng alak sa iyong kakayahan sa pagmamaneho at magsaayos ng mga alternatibong paraan ng transportasyon, kung kinakailangan, pagkatapos uminom nito.

Ipinagbabawal ang Karahasan sa Ating Lugar ng Trabaho

Ang karahasan ay walang lugar sa Knowles Corporation. Hindi katanggap-tanggap ang mga gawa ng karahasan, pati na rin ang nagbabantang pananalita o kilos, o iba pang nakakaantalang paggawi sa lugar ng trabaho. Bilang karagdagan, ang mga personal na armas ay ipinagbabawal sa loob ng lahat ng pasilidad, sasakyan at makinarya ng Knowles. Napakahalagang maunawaan natin at respetuhin ang mga panuntunang ipinapatupad kung saan tayo nagtatrabaho. Ang mga paglabag sa nasabing mga panuntunan ay maaaring magresulta hindi lang sa pandisiplinang pagkilos, kundi pati na rin ng pinsala sa isang kapwa empleyado.

PAGGALANG AT PAGPAPAHALAGA PARA SA ATING MGA KUSTOMER AT SUPPLIER

MGA LIGHTAS NA PRODUKTO AT DE-KALIDAD NA SERBISYO

Sa Knowles, ipinagmamalaki natin sa ating sarili ang kalidad ng trabahong ginagawa natin, at ang tiwala ng mga kustomer sa ating mga produkto. Upang patuloy na makagawa ng mga makabagong produkto na may mataas na kalidad at makapagbigay ng mga serbisyong sulit sa ating mga kustomer, kailangan nating magkaroon ng kamalayan at sumunod sa lahat ng naaangkop na mga patakaran at regulasyon na nakakasakop ng tungkol sa kaligtasan at kalidad ng produkto.

Responsibilidad mong sundin ang mga titik at diwa ng lahat ng mga regulasyon sa kaligtasan, at iulat agad ang anumang posibleng hindi ligtas na mga sitwasyon sa iyong superbisor o sa mga mapagkukunan ng tulong na nakalista sa "Paano Ako Hihiling ng Patnubay o Gagawa ng Ulat?" na seksyon ng Kodigo. Kung hindi tayo manghahawakan sa ating pangako sa pagbibigay sa ating mga kustomer ng may pinakamahusay na posibleng mga produkto at serbisyo, ipinagsasapalaran nating mawala ang kanilang tiwala, ikinokompromiso ang kanilang kaligtasan at sinisira ang ating reputasyon.

T at S

- T: Si David ay nagtatrabaho sa isang pasilidad ng paggawa. Gumagawa siya malapit sa isang makina na may maraming mga gumagalaw na bahagi, ngunit hindi siya isang inspektor o mekaniko. Napansin ni David na ang isang seksyon ng kanyang makinarya ay hindi gumagana nang maayos at ang produkto na inilalabas nito ay mukhang hindi katulad ng kung ano ang dapat. Takot siyang tangkaing ayusin ito sa kanyang sarili ngunit alam niya na kakaayos lamang nito noong nakaraang linggo. Ano ang dapat niyang gawin?
- S: Hindi dapat na tangkain ni David na itama ang problema sa kanyang sarili dahil hindi siya isang inspektor o mekaniko. Dapat siyang manatiling malayo mula sa posibleng pinsala at iulat kaagad-agad ang mga pinaghihinalaang depekto sa kanyang superbisor o sa isang empleyadong awtorisado na magsagawa ng trabaho sa makina, nang sa gayon ay maitigil, masiyasat at maayos ang makina sa lalong madaling panahon.

PATAS NA PAKIKITUNGO AT ANG MGA BATAS SA KOMPETISYON

Bilang mga empleyado ng Knowles Corporation, nananalo tayo nang may integridad—hindi kailanman sa pamamagitan ng panlilinlang. Nakikipagkompetensya lamang tayo sa paraang matapat at patas sa lugar ng merkado. Sa paggawa nito, nakikipag-ugnayan lamang tayo sa wastong marketing at mga kasanayan sa pagbebenta. Ang ibig sabihin nito, kailangan nating makipag-ugnayan nang patas sa ating mga aktuwal at potensyal na mga kustomer at mga kasosyo sa negosyo sa lahat ng oras. Bilang karagdagan, huwag sana tayong gumawa ng mga nanghahamak na pahayag na hindi totoo o mapanlinlang tungkol sa mga kakompetensya ng Knowles o sa kanilang mga produkto o serbisyo.

Ibig sabihin din nito na hindi tayo dapat magsikap na makakuha ng hindi patas na pakinabang sa kompetisyon sa pamamagitan ng pagtanggap o pagbibigay ng suhol. Partikular na, hindi pahihintulutan ng Knowles ang anumang paraan ng komersyal na pagsuhol. Nangyayari ang "Komersiyal na pagsuhol" kapag ang isang Kompanya (o kinatawan nito) ay nagbibigay ng suhol, kickback, hindi tamang pagbabayad o anumang bagay na may halaga sa isang empleyado, ahente o kinatawan ng isa pang Kompanya upang makakuha o panatilihin ang negosyo, o tiyakin ang iba pang mga pantanging pagkakaloob. Ang pakikisangkot sa ganitong uri ng pagsuhol—o anumang iba pang uri ng pagsuhol—ay mahigpit na paglabag sa ating Kodigo, mga patakaran ng Kompanya at batas. Para sa karagdagang impormasyon, pakitingnan ang aming *Patakaran Laban sa Katiwalian (Anti-Corruption Policy)*, na maaaring matagpuan sa www.knowles.ethicspoint.com at <http://ke-web.knowles.com>.

Mga Batas ukol sa Kompetisyon at Antitrust

Bilang karagdagan sa wastong pagbebenta at mga kasanayan sa marketing, tayo ay sumasailalim sa iba't ibang mga batas sa kompetisyon—na kilala bilang batas sa antitrust—sa mga bansa kung saan tayo ay nagnenegosyo. Ang mga batas ay dinisenyo upang itaguyod ang kompetisyon at upang makinabang ang mga mamimili sa pamamagitan ng pagtiyak na nakikipagkompetensya ang mga negosyo upang magbigay ng de-kalidad ng mga produkto at serbisyo sa mapagkompetensyang presyo at makikipagkompetensya sa pagsasaliksik at pag-unlad.

Sa pangkalahatan, ipinagbabawal ng mga batas sa kompetisyon ang mga aktibidad sa pagitan ng mga magkakompetensya na negatibong makakaapekto sa merkado, tulad ng pag-areglo ng presyo, ang paghahati ng mga teritoryo, pagtatalaga ng mga kustomer, pakikipagkasundo sa mga tuntunin ng kontrata sa ating mga kakompetensya at iba pang katulad na mga gawain.

Ipinagbabawal din nito ng ilang mga kasunduan o unawaan sa pagitan natin at ng ating mga kustomer, mga supplier at iba pang mga kasosyo sa negosyo na maaaring naghihigpit o naglilimita sa kompetisyon sa paraang labag sa batas. Nag-iiba ang mga batas ito depende sa kung saan ka nagnenegosyo. Gayunpaman, maraming batas, kabilang ang sa Estados Unidos, ang maaaring kumapit kahit na gumagawa ka ng negosyo sa ibang bansa. Responsibilidad mong malaman at sumunod sa lahat ng batas ukol sa patas na kompetisyon na kumakapit sa trabahong ginagawa mo sa ngalan ng Knowles Corporation.

Sa panahon ng iyong pagtatrabaho sa Knowles, maaaring kailanganin mong dumalo sa mga pulong ukol sa kalakalan sa asosasyon o komperensiya sa industriya. Sa mga sitwasyong ito, kailangan mong magsagawa ng mga partikular na pag-iingat at hindi mo dapat talakayin sa isang kakompetensya ang mga paksang labag sa patas na kompetisyon. Kung subukan ng isang kakompetensyang ibangon ang isang ipinagbabawal na paksa, dapat mong ihinto agad ang pag-uusap. Pagkatapos, dapat kang makipag-usap sa iyong superbisor o tumawag sa Law Department ng Knowles upang i-ulat ang sitwasyon at humingi ng karagdagang payo.

T at S

T: Si Aneesa ay nakatanggap ng isang tawag mula sa isang kakompetensya ng Knowles. Sinabi sa kanya ng tumawag na maliban kung tumigil si Aneesa sa pagtawag upang magbenta sa kanyang merkado, siya ay gagawa ng mga negatibong pampublikong pahayag tungkol sa Knowles na maaaring magbanta sa ating negosyo. Hindi nais ni Aneesa na magdulot ng anumang pinsala sa Knowles sa mata ng publiko. Ano ang dapat niyang gawin?

S: Dapat na sabihin ni Aneesa sa kakompetensya na ang tawag na kaniyang ginagawa ay ilegal at agad itong putulin. Dapat niyang iulat ang tawag sa kanyang superbisor at sa Law Department ng Knowles. Nagtatangka ang kakompetensya na hatiin ang merkado, na lumalabag sa mga batas ng kompetisyon at sa ating Kodigo. Laging maging maingat kapag nakikitungo sa mga kakompetensya at kumonsulta sa iyong superbisor at sa Law Department ng Knowles sa tuwing mayroon kang mga katanungan tungkol sa pagsasagawa ng angkop na aksyon.

Pangangalap ng Mapagkompetensiyang Impormasyon

Ang makipagkompetensya sa etikal at epektibong paraan sa lugar ng merkado ang ating layunin. Sa paggawa nito, dapat lang na kumuha tayo ng ilang mga mapagkompetensyang impormasyon. Gayunpaman, kailangan nating gawin ito nang responsable, wasto at legal. Kung hindi, nanganganib tayong lumalabag sa ating Kodigo, mga patakaran ng Kompanya at sa batas.

Bilang pangkalahatang panuntunan, maaari tayong mangalap at gumamit ng impormasyon na magagamit ng publiko, tulad ng sa mga pahayagan o sa Internet, pati na rin sa mga pampublikong taunang ulat o sa mga nakalathalang materyales sa pagbebenta. Maaari nating gamitin ang impormasyon na nakuha mula sa mga pakikipag-usap sa mga kustomer, hangga't

hindi kompidensyal o walang kaugnayan ang mga ito sa mga kasanayang laban sa kompetensiya. Maaari rin tayong kumuha at gumamit ng impormasyong mula sa mga mapagkakatiwalaang tagapayo at sanggunian nang may angkop na katiyakang nakuha ito nang tama.

Gayunpaman, kahit na ang paglitaw ng hindi tamang pangangalap ng impormasyon ay maaaring magresulta sa legal na problema para sa Knowles at sa (mga) indibiduwal na nasasangkot. Samakatuwid, hindi ka dapat sumubok kailanman kumuha o gumamit ng mga kompidensyal o pag-aaring impormasyon ng kakompetensya, ito man ay direktang mula sa isang kakompetensya o sa pamamagitan ng maling pagpapakahulugano anumang iba pang mga mapandaya o hindi wastong paraan. Kung nakatanggap ka ng anumang naturang impormasyon, dapat kang agad na kumonsulta sa iyong superbisor at sa Law Department ng Knowles.

Kung minsan, magkakaroon ang mga bagong empleyado ng Knowles ng impormasyon sa negosyo tungkol sa ating mga kustomer, kasosyo at kakompetensya dahil sa dati nilang trabaho sa naunang employer. Maaaring kasama sa nasabing impormasyon ang:

- Espesipikong data ng teknikal, disenyo o proseso
- Mga lihim sa pangangalakal o kompidensyal na impormasyon
- Software na ang lisensya ay pag-aari ng dating employer
- Anumang bagay na minarkahan o nilayon upang maging kompidensyal o pagmamay-ari at na hindi pampubliko

Laging irespeto ang pagiging kompidensyal ng impormasyong ito, at huwag kailanman hilingin sa isang bagong empleyado na ibunyag ang kompidensyal o pagmamay-arang impormasyon tungkol sa kanyang dating employer, o kaya ay ang labagin ang kanyang kasunduan sa kanyang dating employer tungkol sa pagiging kompidensyal. Kung mag-aalok ang bagong empleyado na ibunyag ang naturang impormasyon, dapat mong tanggihan ang alok. Ang maagap na hakbang ay dapat isagawa upang matiyak na nauunawaan ng bagong empleyado ang patakaran ito at huwag dalhin ang naturang impormasyon sa ating Kompanya sa pasimula ng pagtatrabaho.

ETIKAL NA PAGTRATO NG MGA SUPPLIER

Bilang isang etikal na kompanya, ang Knowles ay naglalayong makipagnegosyo sa mga supplier at kasosyo sa negosyo na nakikibahagi sa ating mga simulain at mag-aambag sa ating mga kultura. Bilang karagdagan, ang ating Kompanya ay pumipili ng supplier batay sa pagiging karapat-dapat, at hindi batay sa pagkiling o suhol. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pamantayan ng ating Kompanya sa pagpili ng supplier at iba pang kasosyo sa negosyo, mangyaring kumonsulta sa team ng Chain Supply ng Knowles.

PROTEKSYON NG IMPORMASYON NG IKATLONG PARTIDO

Madalas na ipinagkakatiwala sa atin ng ating mga kustomer, supplier at iba pang kasosyo sa negosyo ang napakakompidensyal na data at impormasyon. Marami sa atin ang nangangasiwa at gumagamit ng data at impormasyon na ito sa ating mga proyekto araw-araw. Kung paanong inaasahan tayong protektahan ang pribadong impormasyon ng bawat isa, kailangan din nating respetuhin at protektahan ang ikatlong partidong impormasyon sa sukdulang pangangaalaga sa lahat ng oras. Ang ating obligasyon na gawin ito ay umaabot nang higit pa sa saklaw at termino

ng ating trabaho sa Knowles Corporation. Sa maikling pananalita, huwag kailanman ibahagi ang impormasyon ng sinumang kustomer, supplier o ng ibang ikatlong partido nang walang lehitimong dahilang pangnegosyo at tamang pag-apruba na isagawa ito. Kasama sa impormasyong ito ang mga pamamaraan sa negosyo, pagpepresyo at data sa marketing, estratehiya, kodigo ng computer, mga screen, mga form, mga pang-eksperimentong pagsasaliksik at impormasyon tungkol sa mga kasalukuyan, mga dati at inaasahang kustomer, supplier at iba pang kasosyo sa negosyo ng Knowles.

MGA KATANUNGANG ISINASAGAWA NG MGA ANALYST AT NG MEDIA

Bilang isang pangglobong kompanya, ang mensahe ng Knowles ay naririnig sa buong mundo. Sa kadahilanang ito, mahalagang magsalita tayo sa iisang tinig. Kaya naman, tanging ang mga itinalagang tagapagsalita sa loob ng Kompanya ang maaaring magsagawa ng ilang pahayag sa publiko. Kung nakatanggap ka ng kahilingan mula sa mga analyst, namumuhunan o mga potensyal na mamumuhunan upang magbigay ng impormasyon, ipasa ang kahilingan sa Bise Presidente ng Investor Relations ng Knowles. Sakaling kailanganin mo ng tulong para sa mga katanungan ng media, o kung nakipag-ugnayan sa iyo ang isang miyembro ng media, mangyaring makipag-ugnayan muna sa tagapagsalita ng Knowles Corporation o sa Bise Presidente ng Komunikasyon ng Knowles. Laging tandaan na hindi ka dapat magtangkang magsalita sa ngalan ng Knowles kung hindi ka awtorisadong gawin ito, at hindi ka dapat makaramdam ng panggigipit upang magbigay ng mga sagot sa mga katanungan mula sa labas.

PAGGALANG AT PAGPAPAHALAGA PARA SA BATAS AT ETIKA

PAGSUNOD SA KALAKALAN

Ang pangglobong abot ng ating Kompanya ay humihiling na ating alamin at sundin ang lahat ng mga internasyonal na batas na kumokontrol sa kalakalan. Kung minsan, nagbibigay ang Knowles ng kagamitan at teknolohiya na sakop ng mga batas sa pagkontrol sa pag-e-export, at tumatanggap ng mga materyales na sakop ng regulasyon sa pag-aangkat.

Ang "pag-e-export" ay nangyayari kapag ang isang produkto, serbisyo, teknolohiya o bahagi ng impormasyon ay ipinadala sa isang tao na nasa ibang bansa. Ang pag-e-export ay maaari ring mangyari kahit na ang teknolohiya, teknikal na impormasyon, o software ay hindi lumabas ng bansa, tulad ng sa pamamagitan ng berbal o elektronikong transmisyon sa isang banyagang mamamayan na nasa parehong bansa o nasa ibang bansa—halimbawa, isang pag-uusap sa telepono o e-mail. Bago mag-export ng anumang produkto, serbisyo o impormasyon, kailangan ka munang kumuha ng lahat ng kinakailangang mga lisensya at pahintulot, at bayaran ang lahat ng angkop na mga buwis. Ang pag-aasikaso at ang "muling pag-e-export"—o, ang paglipat tungo sa ibang bansa ng naturang kagamitan at teknolohiya pagkatapos na makuha ang tamang lisensya ay dapat maging naaayon sa mga tuntunin ng lisensya at sa lahat ng naaangkop na mga regulasyon. Karamihan sa mga produkto ng Knowles ay hindi nangangailangan ng lisensya para sa pag-e-export sa karamihan ng mga destinasyon, end-user at end-use. Gayunpaman, responsable kang alamin kung aling mga produkto at kaugnay na teknolohiya ang kontrolado para sa pag-export, at ang pagkuha ng lahat ng naaangkop na mga lisensya para sa pag-e-export at muling pag-e-export ng mga bagay na iyon. Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong lokal na coordinator o sa Law Department ng Knowles kung may anumang mga pagduda tungkol sa mga pag-kontrol sa pag-e-export para sa isang partikular na produkto o teknolohiya.

Bilang karagdagan, ang pag-eembargo ng pamahalaan sa kalakalan ay nagbabawal o malubhang naghihigpit sa atin mula sa mga pakikipag-negosyo sa ilang bansa, kanilang mga kompanya, at sa kanilang mga mamamayan. Sa Estados Unidos, ang mga bansang sakop ng mga pag-eembargo at paghihigpit pangkalakalan ng US ay kasalukuyang kinabibilangan ng Cuba, Iran, Libya, North Korea, Sudan at Syria. Sa ilalim ng batas ng US, ang mga transaksyon sa pamamagitan ng mga tao ng Estados Unidos na nagsasangkot sa Pamahalaan ng Burma (kilala rin bilang Myanmar) at ilang bangkong Burmese ay ipinagbabawal din. Bilang karagdagan, ang mga entity at indibiduwal sa ilang iba pang mga bansa (tulad ng Belarus, Liberia at Zimbabwe), ay pinaghigpitan sa maraming dahilan. Kung nakikibahagi ka sa mga internasyonal na aktibidad ng kalakalan, mayroon kang obligasyong sumunod sa mga batas na kumokontrol sa kalakalan para sa mga bansang kasangkot sa transaksyon. Maaaring kasama dito ang:

- Terorismo
- Pagtutulak ng Narkotiko
- Pagpapalaganap ng mga armas para sa malawakang pagwasak
- Mga paglabag sa batas ng pagkontrol sa pag-e-export ng Estados Unidos

Ang listahan ng mga bansa, entity at indibidwal ay maaaring magbago anumang oras. Mangyaring kumonsulta sa mga naaangkop na tao sa iyong Kompanya na namamahala sa pagsunod sa kalakalan upang makakuha ng pinakabagong listahan.

Responsablekang kumuha ng isang legal na pagrerepaso ng anumang mga transaksyon na kinasasangkutan ng mga naka-embargong mga bansa, ang kanilang mga Kompanya at ang kanilang mga mamamayan upang matukoy kung ipinagbawal ng US o ng iba pang mga batas ang mga ipinanukalang transaksyon. Ang lahat ng mga transaksyon ay dapat masuri upang matiyak na hindi sangkot ang mga ito sa anumang pinagbabawalang partido, mga destinasyon o end-use.

Sa panghuli, kapag nag-iimport ng paninda, ang iyong pagbili, logistika at mga tauhan sa bodega ay responsable sa pangangasiwa sa customs broker ng iyong kompanya. Dapat tiyakin ng iyong mga tauhan sa pagbili, logistika at sa bodega na ang in-import na mga kalakal ay wastong naipasok sa bansa ng importasyon nang may tamang halaga ng mga custom, uri ng taripa at bansang pinagmulan.

Sa maikling salita, kung nagsasangkot ang iyong trabaho ng transportasyon o paggamit ng mga kalakal o teknolohiya na sakop sa mga kontrol ng pag-e-export o regulasyon ng pag-import, responsibilidad mong alamin at sundin ang lahat ng naaangkop na mga batas, regulasyon at kaugnay na mga patakaran ng Kompanya at mga kasanayan sa pagkontrol. Ang mga kahihinatnan ng paglabag ng mga batas at regulasyon sa pagkontrol ng kalakalan ay malubha—para sa ating Kompanya at para sa mga indibidwal na kasangkot. Samakatuwid, kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa pag-e-export, muling pag-e-export o pag-i-import, mangyaring makipag-ugnayan kaagad-agad sa iyong lokal na coordinator ukol sa pagsunod o sa Law Department ng Knowles.

Dahil sa ating mga pangglobong operasyon, dapat na may kamalayan din tayo hinggil sa anumang mga kahilingan na may kaugnayan sa isang boycott na hindi pinahihintulutan ng Estados Unidos, tulad ng Arab League boycott ng Israel. Anuman ang ating lokasyon, at kung ang kahilingan ay nakasulat man o verbal, hindi tayo dapat na kumilos o sumang-ayon na kumilos sa pagsusulong ng isang boycott na hindi pinahihintulutan ng Estados Unidos. Ang mga batas laban sa boycott ng Estados Unidos ay komplikado at nangangailangan ng pagsusuri depende sa bawat kaso, na nangangahulugang hindi natin maaaring tanggapin o sang-ayunang tanggapin ang mga sumusunod na uri ng mga pagkilos:

- Pagtanggap ng makipag-negosyo sa isang hindi pinahihintulutang na-boycott na bansa, sa mga mamamayan nito, o sa kanilang mga kasosyo sa kalakalan—tulad ng Israel, mga kompanyang Israeli, mga mamamayang Israeli o mga kompanyang itinalaga sa "blacklist" ng Arab League dahil sa pakikibahagi sa negosyong kinasasangkutan ng Israel.
- Pagbibigay ng impormasyon tungkol sa relasyong pangnegosyo sa isang bansang saklaw ng isang hindi pinahihintulutang boycott o mga taong nasa isang hindi pinahihintulutang blacklist.
- Pagtatangi batay sa o pagbibigay ng impormasyon na may kaugnayan sa relihiyon, lahi, kasarian o bansang pinanggalingan para sa pagsusulong ng isang hindi pinahihintulutang boycott.

- Ang pagpapatupad ng isang sulat ng kredito o kasunduan sa pagbebenta, o pakikisangkot sa iba pang mga transaksyon ng negosyo na naglalaman ng mga kondisyong may kaugnayan sa boycott na hindi kaayon sa batas ng U.S..

Kinakailangang iulat ng Knowles ang anumang mga kahilingang makilahok sa isang hindi pinahihintulutang banyagang boycott sa pamahalaang U.S., malibang may naaayong isang eksepsyon sa regulasyon. Samakatuwid, kung naniniwala kang nakatanggap ka ng isang kahilingang mula sa boycott o may anumang katanungan tungkol sa mga aktibidad na may kinalaman sa boycott, mahalagang ipaalam agad ito sa Law Department ng Knowles.

SALUNGATAN NG INTERES; MGA DI-WASTONG PAKINABANG AT MGA UGNAYAN

Upang manatiling isang etikal na kompanya, dapat tayong umiwas sa pakikilahok sa aktwal o nakikitang "salungatan ng interes." Ang salungatan ng interes ay nangyayari kapag ang ating mga personal na interes ay nakakasagabal, o mukhang nakakasagabal, sa ating kakayahang magsagawa ng ating mga trabaho. Inilalarawan ng mga sumusunod na seksyon ang mga halimbawa ng mga sitwasyon na maaaring lumikha ng mga salungatan ng interes. Sa pangkalahatan, dapat mong iwasan ang anumang interes, pamumuhunan o pakikisama kung saan maaaring bumangon ang pagsasalungatan ng interes.

Karaniwang maaari mong malutas ang anumang salungatan ng interes kung ibubunyag mo ito kaagad. Hindi naman agad na paglabag sa ating Kodigo ang pagkakaroon ng isang salungatan ng interes, ngunit ang hindi pagbubunyag nito ay palaging itinuturing na paglabag.

Mga Regalo, Libangan at Mabuting Pakikitungo ukol sa Negosyo

Ang pag-aalok ng mga regalo, libangan at mabuting pakikitungo ukol sa negosyo ay maaaring maging isang mahusay na paraan upang paunlarin ang positibong mga ugnayan sa negosyo. Subalit, may mga mahigpit na panuntunan na namamahala sa mga kasanayan ito upang matiyak na hindi kailanman ibinigay o natanggap ang mga ito bilang isang hindi angkop na insentibo o suhol. Ang paglabag sa mga panuntunang ito ay maaaring labag sa batas at maaaring mapaharap sa mga matinding kaparusahan kapwa ang mga indibidwal na sangkot at ang Kompanya. Bilang karagdagan, hindi tayo dapat gumawa o magpakita ng salungatan ng interes kapag nagsasagawa ng mga kasanayan sa negosyo. Samakatuwid, mahalaga na maunawaan at sumunod sa ating Kodigo, patakaran ng Kompanya at sa batas kapag nag-aalok o tumatanggap ng anumang regalo, libangan o mabuting pakikitungo mula sa mga kustomer, supplier o iba pang kasosyo sa negosyo pati na rin mga opisyal ng gobyerno at mga empleyado ng mga entity na pag-aari o kontrolado ng pamahalaan.

Sa pangkalahatan, ang mga regalo, libangan at mabuting pakikitungo ay dapat na nakakasunod sa lahat ng sumusunod na alituntunin:

- Hindi kailanman inaalok o nilayon upang makaimpluwensya sa desisyon sa negosyo o para sa personal na pakinabang
- Makatwiran at hindi labis-labis ang halaga o madalas

- Hindi kailanman cash o mga katumbas ng cash (tulad ng mga gift card, certificate, diskwento, security at voucher)
- Hindi lumalabag sa patakaran ng Knowles o sa mga patakaran ng employer ng tumanggap

Regalo na cash o mga katumbas ng cash (kabilang ang mga gift certificate, security, pautang na below-market, atbp.) sa anumang halaga ay ipinagbabawal at dapat na ibalik agad sa nagbigay. Kumakapit ang panuntunang ito sa mga regalo, pabor, pagkain at libangan at mabuting pakikitungo na iniaalok, gayon din, sa mga miyembro ng iyong pamilya.

Hindi ka hinihimok na tumanggap ng mga regalo na galing sa mga kustomer, supplier o iba pang mga kasosyo sa negosyo. Kung inalokan ka ng isang regalo at hindi praktikal na tanggihan o ibalik ito, dapat kang sumangguni sa iyong superbisor, sa kinatawan ng Human Resources o sa coordinator ng pagsunod ng iyong unit ng negosyo para sa karagdagang patnubay. Isa pa, kapag sinusuri kung angkop bang magbigay o tumanggap ng regalo o libangan, responsibilidad mong alamin at sumunod sa mga alituntuning itinakda sa *Patakaran Laban sa Katiwalian*, na matatagpuan sa www.knowles.ethicspoint.com at <http://ke-web.knowles.com>.

T at S

- T: Si Veronique ay responsable sa pagsasagawa ng mga negosasyon sa kontrata sa aming mga vendor. Habang nasa bakasyon o pista opisyal, inimitahan si Veronique ng isang sales representative para sa isang potensyal na vendor sa isang magarbong holiday party na gaganapin sa isang mamahaling resort. Nagbiro ang sales representative na ito ay isa lang "kasayahan" at walang pag-uusap tungkol sa negosyo ang pinapayagan. Maaari bang dumalo si Veronica?
- S: Hindi, hindi dapat tanggapin ni Veronique ang imbitasyon. Ang party ay detalyado at wala sa normal na kalakaran ng negosyo, yamang wala sa agenda ang pag-uusap tungkol sa negosyo. Karagdagan pa, kung dadalo si Veronique sa party at naisara ang kontrata sa vendor na iyon, lalabas ito na para bang nilayon ang imbitasyon upang impluwensiyahan ang kanyang mga pagpapasya sa negosyo.

- T: Sa isang pagpupulong sa labas ng lugar ng trabaho, inimitahan si Erich ng isang vendor na nagbibigay ng serbisyo sa ating Kompanya sa loob na ng ilang buwan ang nag-imita para sa tanghalian. Tinanggap ni Erichang imbitasyon at hinayaang siyang magbayad para sa pagkain. Okay lang ba ang kanyang pagkilos?
- S: Ang mga paminsan-minsang pagkain at nominal na regalo ay karaniwan nang katanggap-tanggap, hangga't hindi sila nagbabangon ng isang katanungan tungkol sa iyong pagiging walang-kinikilingan. Suriin ang setting at gastos ng pagkain, ang dalas ng mga imbitasyon ng vendor, at kung mayroon ka bang iba pang mga potensyal na negosyo kasama ng vendor na nakabinbin. Kapag may pagdududa, mas mabuti na ang mag-ingat at ikaw na ang magbayad ng sarili mong mga gastos, o magalang na tanggihan ang imbitasyon sa tanghalian.

Mga Personal na Relasyon

Kung minsan, maaaring nasa posisyon tayong magtrabaho malapit sa ating mga kapamilya o kaibigan. Napakahalagang hindi tayo kailanman masangkot sa pagkuha ng sinumang mga miyembro ng pamilya o sa pangangasiwa ng kanilang trabaho. Ang ganitong sitwasyon ay maaaring pagsimulan ng isang salungatan ng interes — samakatuwid, mahalagang sabihin ang bagay sa lalong madaling panahon. Karagdagan pa, hindi ka dapat kailanman kumuha o magrekomenda ng pagkuha sa isang supplier o iba pang mga kasosyo sa negosyo na kumukuha sa iyong malapit na kapamilya o kung saan ikaw o ang isang malapit na kapamilya ay mayroong bahagi sa pagmamay-ari. Hindi ka dapat gumawa ng desisyon sa isang negosyo batay sa buklod pampamilya o pagkakaibigan sa halip na tamang dahilan ukol sa negosyo. Para sa reperensya, ang "kapamilya" ay ang sinumang tao na may kaugnayan sa iyo sa pamamagitan ng dugo, kasal o malapit na kaugnayan. Maaaring kasama na rito ang iyong asawa, partner, mga magulang, anak, kapatid, in-law at ang sinumang nakatira sa iyong bahay o kung kanino ka mayroon o bumubuo ng isang romantikong relasyon.

Mga Di-wastong Personal na Benepisyo

Ang mga utang o garantiya ng obligasyon mula Knowles o isang ikatlong partido bilang resulta ng iyong posisyon sa ating Kompanya ay maaaring madaling magdulot ng isang salungatan ng interes at, samakatuwid ay, mahigpit na ipinagbabawal.

Mga Oportunidad Pangkorporasyon

Habang nagsasagawa ng pagnenegosyo ng kompanya ng Knowles, maaari tayong makasumpong ng mga oportunidad para sa atin na gusto nating abutin. Tandaan na hindi tayo dapat kumuha para sa ating sarili ng anumang mga oportunidad sa negosyo na natuklasan natin habang gumagamit ng ari-arian o impormasyon ng kompanya ng Knowles, o sa pamamagitan ng ating posisyon sa ating Kompanya, maliban kung hayagang ipaubaya ng Knowles Corporation sa pamamagitan ng sulat. Tulad ng hindi natin personal na pakikinaabang mula sa naturang mga oportunidad, hindi natin maaaring tulungan ang sinuman sa paggawa nito. Tandaan, may tungkulin tayo sa ating Kompanya na magsulong ng mga lehitimong interes nito sa negosyo hangga't posible. Samakatuwid, hindi tayo sa anumang paraan maaaring magtangkang makipagkompetensya sa ating Kompanya.

Trabaho sa Labas

Kung minsan, maaaring gustuhin nating humanap ng trabaho bilang karagdagan sa trabahong ginagawa natin para sa Knowles. Alam na natin na hindi tayo maaaring makipagkompitensya sa alinmang kompanya ng Knowles sa panahon ng ating pagtatrabaho. Gayunpaman, hindi lang ito tungkol sa hindi pagtatamo ng mga pagkakataon sa negosyo kung saan maaaring interesado ang ating Kompanya, nang walang nasusulat na pagpapaubaya. Bilang karagdagan, hindi tayo dapat magsagawa ng trabaho para sa isang pamahalaan o sa isang entity o kakompitensya, kustomer o supplier ng Knowles Corporation. Isa pa, hindi natin maaaring tanggapin ang pagtatrabaho sa labas sa isang ikatlong partido kung inaalis nito ang ating kakayahang italaga ang mga kinakailangang oras at pansin sa ating mga tungkulin. Sa madaling salita, maaari lamang nating tanggapin ang isang posisyon sa labas kung hindi ito makakagambala sa ating mga trabaho o lumikha ng isang salungatan ng interes.

PANUNUHOL, MGA KICKBACK AT IBA PANG MGA HINDI WASTONG PAGBABAYAD

Ang pag-aalok o pagbabayad ng mga suhol o iba pang mga hindi tamang pagbabayad upang makuha ang negosyo ay hindi katanggap-tanggap kahit na saan tayo nagnenegosyo. Hindi pahihintulutan ng ating Kompanya ang panunuhol sa anumang anyo sa anumang ikatlong partido, pampubliko man o pribado, o ginagawa man ito nang direkta ng ating mga empleyado o nang hindi direkta sa pamamagitan ng mga ikatlong partido, kahit na matalo tayo sa negosyo o makaharap ng mga pagkaantala bilang resulta.

Ang "suhol" ay anumang bagay na may halaga na iniaalok, ipinapangako o ibinibigay upang hindi wastong impluwensyahan ang mga pagkilos ng isang ikatlong partido upang makakuha o panatilihin ang negosyo o kalamangan sa negosyo. Maaaring kasama sa mga suhol ang pera sa anumang anyo (kabilang ang mga katumbas ng cash), mga regalo, paglalakbay o iba pang gastusin, kagandahang loob, pautang na below-merkado, diskwento, pabor, negosyo o pagkakataon sa trabaho, pampulitika o kawang-gawang kontribusyon, o anumang direkta o hindi direktang pakinabang o pagsasaalang-alang.

Ang mga suhol at iba pang mga bayad ng katiwalian ay lumalabag sa maraming batas laban sa katiwalian at naglalantad sa mga indibidwal at sa Kompanya sa sibil at kriminal na pananagutan at sa mga matitinding parusa. Ating tungkulin na malaman at sundin ang mga lokal at iba pang naaangkop na mga batas laban sa katiwalian na kumakapit sa lahat ng mga bansa kung saan tayo nagnenegosyo. Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa ating *Patakaran Laban sa Katiwalian*, na matatagpuan sa www.knowles.ethicspoint.com at <http://ke-web.knowles.com>.

Ipinagbabawal na mga Pagbabayad para sa Pagpapabilis

Ang "pagbabayad para sa pagpapabilis" ay isang maliit na bayad na ibinibigay sa isang empleyado ng pamahalaan, kadalasang cash, upang pabilisin o tiyakin ang pagganap ng isang regular na proseso—tulad ng pagpapabilis ng serbisyo sa utility, pagbibigay ng kinakailangang proteksyon ng pulisya, o pag-aapruba ng work permit o visa. Ang mga batas laban sa katiwalian ng karamihan ng mga bansa ay nagbabawal sa pagbabayad para sa pagpapabilis, at pati na ang Knowles, ay nagbabawal sa katulad na mga pagbabayad kahit pa pinapayagan ng lokal na batas.

Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa aming *Batas Laban sa Katiwalian*, na matatagpuan sa www.knowles.ethicspoint.com at <http://ke-web.knowles.com>.

MGA ASSET, IMPORMASYON AT TEKNOLOHIYA NG KNOWLES

Sa araw araw, pinagkatiwalaan tayo ng tamang paggamit sa ari-arian ng kompanya ng Knowles at may pananagutan sa maingat na paggamit sa mga ari-arian ng Kompanya. Ibig sabihin nito, dapat tayong maging maalaga sa ari-arian ng Kompanya at magsikap na protektahan ito mula sa pagnanakaw, pinsala, pagkawala at maling paggamit. Ang "ari-arian ng Kompanya" kasama ang ating mga pisikal na ari-arian, gaya ng mga pasilidad, kagamitan, sasakyan, software, computer, pondo at supply, pati na rin ang ating network at computer systema at ang ating pinagmumulan ng koryente at enerhiya. Hindi lang tayo nagtatrabaho upang protektahan ang mga asset na ito, ngunit upang masiguro na ang ating paggamit ay wasto sa lahat ng oras.

Dapat nating gamitin ang teknolohikal na kagamitan ng ating Kompanya para sa layuning pangnegosyo at upang magamit para sa mga interes ng ating Kompanya. Ang "teknolohikal na kagamitan" kasama, ngunit hindi limitado sa, mga kagamitang computer, software, operating system, account ng network para sa email at storage media. Habang pinapayagan tayo sa limitadong personal na paggamit, hindi nito dapat mabawasan ang ating kakayahang magsagawa ng ating tungkulin. Isa pa, tiyakin na ang paggamit na ito ay hindi lumalabag sa anumang patakaran ng Kompanya o sa naaangkop na batas. Kung pinahihintulutan ng lokal na batas, taglay ng ating Kompanya ang karapatan na subaybayan ang lahat ng paggamit ng mga network at computer system nito.

Ang wastong paggamit ng mga teknolohikal na kagamitan ng ating Kompanya ay humihiling ding gamitin natin ang Internet para sa mga layuning pangnegosyo at sa isang etikal at legal na paraan. Hindi tayo maaaring magpadala, tumanggap, mag-download o mag-display ng materyal na maaaring may panliligalig, maaaring nakakasakit sa ating mga kapwa empleyado o maaaring nakakaantala sa ating kapaligiran sa pagtatrabaho. Kabilang sa mga halimbawa ang mga malaswang litrato, hindi naaangkop na biro o sekswal na pagpapahiwatig o tahasan na materyal. Bilang karagdagan, hindi tayo maaaring mag-post ng impormasyon sa mga blog, message board, newsgroup o iba pang mga pampublikong forum gamit ang ating email address sa Knowles, maliban kung ginagawa natin ito sa pagsasagawa ng ating mga tungkulin.

Responsable tayo sa paggawa ng tamang pag-iingat panseguridad kapag gumagamit ng mga network at computer system ng ating Kompanya. Sigurahing ligtas ang inyong mga PC, laptop at workstation kapag walang tao. Maging maingat kapag gumagawa ng mga email, instant message at text message. Tandaan na maaaring baguhin at/o ipasa ng iba ang naturang mga elektronikong mensahe nang hindi mo nalalaman o pinahihintulutan. Kung nagpapadala ka ng impormasyon na maituturing na sensitibo o vulnerable, protektahan ito gamit ang password o i-encrypt ang impormasyon at sundin ang internal na mga kontrol ng ating Kompanya.

Proteksyon ng Kompidensyal na Impormasyon

Ang pag-aari at kompidensyal na impormasyon ng Knowles ay isa sa mga pinakamahalagang asset ng ating Kompanya. Ang "pag-aari at kompidensyal na impormasyon" sa pangkalahatan ay kinabibilangan ng hindi pampublikong impormasyon na, kung nabunyag, maaaring makinabang

sa ating mga kakompetensya. Kabilang sa mga halimbawa ang espesipikong data na teknikal, disenyo o proseso, impormasyon sa pagpepresyo, mga plano sa negosyo, mga pagkuha o teaming plan, kasanayan sa proyekto, listahan ng kustomer at supplier.

Dapat kang maging mapagbantay, pareho sa loob at labas ng trabaho, sa pagprotekta sa kompidensyal at pag-aaring impormasyon ng Knowles sa sukdulang pangangalaga. Kung awtorisado kang gawin ito, maaari mong ibigay ang impormasyon tangi lamang sa labas na mga ikatlong partido na may lehitimong pangangailangan sa negosyo upang malaman ito. Bilang karagdagan, maaari mo lamang ibigay ang impormasyong ito sa iyong mga katrabaho ayon sa "need-to-know basis" lamang. Sigurahing sundin ang mga umiiral na pag-iingat na inilagay upang protektahan ang impormasyong ito mula sa mga hindi sinasadya o sinadyang maling paggamit. Huwag kailanman talakayin ang impormasyong ito sa pampublikong lugar kung saan maaaring marinig ka nang hindi sinasadya ng mga walang kinalamang partido. Mayroon kang tungkulin na panatilihin kompidensyal at pag-aari ang impormasyon ng Knowles kahit na nagtapos na ang iyong trabaho.

Ang bantayan ng mga tagapamahala na may mga pag-iingat sa lugar upang protektahan ang kompidensyal at pag-aaring impormasyon mula sa mga hindi sinasadya at sinadyang maling paggamit. Dapat lamang ibigay ang materyal na ito sa iba pang mga empleyado batay sa pangangailangang malaman.

Ang ilang mga kompanya ng Knowles ay mayroong pinagsamang pakikipagtulungan sa mga kompanya na maaari ring maging ating mga kakompetensya, supplier o kustomer sa ibang mga pagkakataon. Ang komunikasyon sa mga pinagsamang pakikipagtulungang ito ay malinaw na mahalaga, ngunit kailangan nating gumawa ng mga makatwirang hakbang upang protektahan ang kompidensyal at pag-aaring impormasyon ng Knowles mula sa di-sinasadya at hindi naaangkop na pagbubunyag o mula sa paggamit sa labas ng pinagsamang pakikipagtulungan. Kailangan nating sumunod sa lahat ng mga kasunduan ukol sa pinagsamang pakikipagtulungan ng Knowles na tumutukoy at nililimitahan ang access sa impormasyon ng Knowles at mga sistema sa ilang indibidwal.

T at S

- T: Si Jessica ay sumsakay ng tren papuntang trabaho araw-araw. Nagsisimula siya minsan ng kanyang araw ng trabaho sa tren sa pamamagitan ng pagtawag sa mga tawag na maaaring hindi niya nasagot sa kinagabihan. Isa ba itong problema?
- S: Dapat na mag-ingat si Jessica na talakayin lamang ang impormasyong alam ng publiko habang nagsasagawa siya ng negosyo sa labas ng kanyang opisina. Kapag tumatawag sa mga pampublikong lugar tulad ng restaurant, tren, elevator, o sa mga conference, tiyaking alam mo ang iyong kapaligiran.

MGA PATENT, COPYRIGHT, TRADEMARK AT LIHIM NG KALAKALAN

Ang mga patent, copyright at tatak-pangkalakal ay mga legal na termino na tumutukoy sa isang imbensyon, produkto, nakasulat na gawa o pangalan na pag-aari ng isang indibidwal o kompanya at ang paggamit dito ng iba nang walang hayagang pahintulot ay ipinagbabawal. Ang karapatan sa pagmamay-ari ng mga patent, copyright at trademark ay ipinagkakaloob depende sa bansa.

Humingi ng payo mula sa Law Department tungkol sa pagrerehistro, paglilisensya at pagpapatupad ng patent, copyright at trademark sa bawat bansa kung saan ka nagnenegosyo.

Ang "**patent**" ay isang limitado at eksklusibong karapatan na ipinagkaloob para sa isang imbensiyon na bago at "di-halata." Maaaring sakop ng proteksyon ng patent ang mga software program, prosesong teknikal, makabagong makina at pamamaraan ng pagnenegosyo. Ang "**Copyright**" ay ang limitado at eksklusibong karapatang kumopya, mamahagi o gumanap ng isang gawa ng orihinal na pagpapahayag. Sinasaklaw ng copyright ang mga gawa ng orihinal na pagpapahayag tulad ng software, nilalaman ng website, manual ng paggamit, artikulo, litrato, guhit ng detalye ng produkto at materyales ng marketing. Ang "**trademark**" ay isang salita, simbolo o kumbinasyon ng dalawa na sumisimbolo sa pinagmulan at kalidad ng isang produkto. Ang Knowles at ang mga pangalan at logo ng ating mga pinapatakpong kompanya ay mga trademark.

Ang mga patent, copyright at trademark na pag-aari ng iba ay hindi maaaring gamitin nang walang hayagang pahintulot mula sa may-ari. Kabilang dito ang lahat ng mga digital asset (litrato, video at multimedia), at mga reperensya sa mga proyekto ng kustomer. Huwag kailanman kopyahin ang pag-aaring data, mga guhit ng produkto, mga manual ng paggamit, mga pangalan o software na nilikha ng ibang tao nang walang kinuhang kinakailangang pahintulot mula sa may-akda o may-ari. Humingi ng payo mula sa Law Department kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa paggamit ng mga materyales na maaaring kasama ang mga patent, trademark o copyright na nilikha at pag-aari ng ibang tao. Huwag kailanman gayahin o gumawa ng hindi naaangkop na paggamit ng mga artikulo o mga materyal na inilathala ng iba.

Maaaring paminsan-minsan nakakabuo tayo ng mga ideya, proseso at teknolohiya sa ngalan ng ating Kompanya o sa saklaw ng ating trabaho para sa kompanya ng Knowles na protektado ng patent, copyright, trademark o mga batas sa lihim ng kalakalan. Ang "intelektwal na pag-aari" na ito ay pagmamay-ari ng ating Kompanya o ng mga kustomer ng ating Kompanya, depende sa sitwasyon. Dapat iukol ng bawat isa ang mga karapatan sa anumang naturang mga intelektwal na pag-aari sa ating Kompanya o sa ating mga kustomer, gaya ng naaangkop. Humingi ng payo mula sa Law Department kung mayroon kang anumang mga ikinababahalang tungkol sa mga karapatan sa intelektwal na pag-aari.

SEGURIDAD NG COMPUTER AT NG DATA

Ang Knowles ang nagmamay-ari o ang may lisensya upang gamitin ang teknolohiya na ginagamit natin sa ating mga negosyo, kabilang ang hardware, software at mga computer system. Ang teknolohiyang ito at ang impormasyong nakaimbak sa mga ito ay napakahalaga sa ating tagumpay. Ang bawat taong gumagamit ng computer sa Knowles ay responsable sa pagprotekta sa mahahalagang mapagkukunan ito ng teknolohiya. Kung naniniwala kang may sinuman na naglalagay sa pagganap at/o seguridad ng anumang sistema ng impormasyon ng Knowles sa panganib, dapat ipagbigay-alam mo agad ito sa iyong superbisor o sa mga nakalista sa "Paano Ako hihiling ng Patnubay o Gagawa ng Ulat?" na seksyon ng Kodigo.

Ipinagkatiwala sa atin ng Kompanya ang mga teknolohiya nito nang sa gayon maisagawa natin ang negosyo ng Kompanya. Ang paggamit ng mga pasilidad o kagamitan ng kompanya ng Knowles para sa hindi awtorisado, mapang-abuso, hindi wasto o hindi naaangkop na mga layunin ay hindi palalampasin. Nangangahulugan ito na hindi natin maaaring gamitin ang mga

ito upang magsagawa ng mga ilegal na gawain, mag-access o mag-download ng malaswa o tahasang sekswal na materyal, humanap ng personal na pakinabang o kita, o magpapadala nang may pagkiling, panliligalig o pagbabanta na mga mensahe. Wala kang dapat aasahang mga personal privacy may kaugnayan sa mga mapagkukunang ito. Pagmamay-ari ng Knowles ang lahat ng karapatan, hanggang sa sukdulang sakop na pinahihintulutan ng naaangkop na batas, upang subaybayan at suriin ang anumang mga mensahe at impormasyon na ipinadala o natanggap gamit ang mga mapagkukunan ng Kompanya. Bilang karagdagan, hindi kailanman dapat magdagdag ng mga computer software nang walang mga kasunduan sa paglilisensya ng software, na maaaring lumabag sa mga batas ng copyright, o na walang layunin sa negosyo. Dapat kang makipag-ugnayan sa IT Departament bago magdagdag ng anumang software.

Kapag nag-a-access ng Internet sa iyong computer sa trabaho, dapat kang mag-ingat na protektahan ang reputasyon at impormasyon ng negosyo ng Knowles. Upang magaw ito, sundin ang mga alituntuning ito:

- Tandaan, ang elektronikong dokumento at impormasyon ay maaaring makuha kahit na pagkatapos mo nang "i-delete" ang mga ito mula sa memorya ng iyong computer, kaya maging maingat sa paglalagay ng sensitibong impormasyon sa mga elektronikong komunikasyon.
- Huwag mag-post ng anumang mga komento sa mga social networking site, chat room, blog o message board tungkol sa Knowles—negatibo man o positibo —na maaaring ituring bilang mga pahayag na ginawa sa ngalan ng Kompanya, nang walang kinuhang angkop na pag-apruba.
- Huwag kailanman ipakipag-usap ang nakakasakit, hindi angkop o ilegal na materyal sa sinumang nasa loob o nasa labas ng Kompanya.
- I-access lang ang Knowles intranet sa pamamagitan ng paggawa ng mga tamang proseso sa seguridad ng IT.
- Mag-ingat na huwag gumawa ng mga haka-hakang pahayag na maaaring makapanlinlang o mali kapag nabasa ng iba.

Social Media at Networking

Marami sa atin ay may access sa Internet sa ating mga computer sa trabaho. Bagaman ang paminsan-minsang personal na paggamit ay pinahihintulutan, dapat tayong mag-ingat na protektahan ang reputasyon at impormasyon sa negosyo ng Knowles sa pamamagitan ng hindi pagpo-post ng anumang mga komento sa chat room, blog o message board tungkol sa Knowles—negatibo man o positibo—na maaaring maiugnay sa ating Kompanya. Hindi mo dapat gamitin ang oras, ari-arian o network ng Kompanya para sa mga ganitong komunikasyon. Kung pinili mong gawin ito sa labas ng iyong lugar ng trabaho, dapat mong gamitin ang iyong personal na email address at Internet connection at:

- Malinaw na ihayag na personal mong pananaw ang mga ito at hindi mga pananaw ng Kompanya, at
- Tiyakin na hindi lumalabag sa batas (halimbawa, batas ng libel, paninirang-puri, panliligalig o copyright) o mga patakarang ng Kompanya (halimbawa, pagbubunyag ng kompidensyal o pag-aaring impormasyon o nagsasalita sa ngalan ng Knowles) ang iyong mga komunikasyon.

INTEGRIDAD NG ATING MGA PINANSIYAL NA LIBRO AT TALAAN

Tumpak at Tapat na Accounting

Kailangan ng bawat isa na gawin ang ating bahagi upang tiyakin na ang mga pinansiyal na dokumento ng ating Kompanya ay naibabahagi sa publiko nang wasto at tapat. Bagaman para sa atin parang hindi naman palaging may epekto ang ilang impormasyon na binubuo natin sa mga talaan ng pananalapi ng ating Kompanya, gumaganap tayong lahat ng isang papel sa pagtiyak na ang mahalagang tungkuling ito ay natutupad. Samakatuwid, ang bawat bahagi ng data o impormasyon na ating isinusumite sa mga ulat ng Kompanya— kabilang ang mga talaan ng tauhan, oras, gastos at kaligtasan—ay dapat maging ganap na tapat, tumpak at kompleto. Kailangan nating sundin ang sistema ng ating Kompanya sa panloob na mga kontrol at lahat ng naaangkop na mga kinakailangan sa accounting kapag nagtatala ng data na ito. Dapat ding magsumite tayo ng naaangkop na dokumentasyon ng kontrata sa lahat ng oras.

Ang ating pangako na sumunod sa Simulain at Kodigo ng Pag-uugali ng Knowles ay humihiling na magsagawa lang tayo ng mga lehitimo at awtorisadong transaksyon sa pagnenegosyo. Upang magawa ito, hindi tayo dapat gumawa ng alinman sa mga sumusunod na aktibidad:

- Pagsasagawa ng mga maling pagkatawan, sa salita ma o sa panulat
- Pagtatago ng pondo ng Kompanya
- Maling pagpakilala sa mga transaksyon ng Kompanya
- Paglikha ng mga hindi naisiwalat o hindi naitalang account ng pondo
- Sadyang pagpahintulot na mangyari ang mga katulad na ilegal na aktibidad

Kung makapansin ka ng anumang mga katiwalian sa accounting o auditing, o mga insidente ng pandaraya ng mga indibidwal na responsable sa accounting o pampinansyal na pag-uulat ng ating Kompanya, dapat mong agad na iulat ang iyong napansin gaya ng isinaad sa "Paano Ako Hihiling ng Patnubay o Gagawa ng Ulat?" na seksiyong matatagpuan sa Kodigong ito. Mangyaring tandaan na protektado ka mula sa paghihiganti kapag gumagawa ng isang pag-uulat na may kagandahang-loob.

PAGPAPANATILI NG MGA DOKUMENTO AT TALAAN

Madalas nating hinahawakan ang malalaking bilang ng dokumento at talaan ng Knowles, kapwa sa papel at elektroniko. Mahalagang malaman mo kung gaano katagal mo dapat panatilihin ang mga dokumento at talaang ito, at kung paano mo dapat itapon ang mga ito. Kung naabisuhan ka na ang mga dokumentong hawak mo ay gagamitin sa paglilitis, pagsisiyasat o pag-o-audit, sundin ang mga alituntuning nakalahad sa abiso.

PAG-IWAS SA INSIDER TRADING

Ang ilan sa atin ay malamang na nakakita o nakakaalam nang di-sinasadya ng panloob na impormasyon tungkol sa ating Kompanya, mga kustomer o mga kasosyo sa pamamagitan ng ating pagtatrabaho sa Knowles. Ang "panloob na impormasyon" ay impormasyong materyal na hindi ibinabahagi sa publiko na maaaring ituring na mahalaga ng marunong na namumuhunan sa

paggawa ng desisyong bumili, magbenta o magtaglay ng security o pagmamay-ari. Tandaan na kahit ang impormasyon tungkol sa mga kaganapan o mga pagkilos na hindi tiyak na mangyayari, tulad ng mga posibleng bagong paggagawad ng isang kontrata o paglalagda ng kasunduan ng pagkuha (acquisition agreement), ay masasabing panloob na impormasyon.

Ang mga halimbawa ng panloob na impormasyon ay maaaring kabilangan ng:

- Impormasyon o data sa pinansyal tulad ng mga kita o mga pagtataya
- Pagkapanalo o pagkatalo sa isang makabuluhang bagong award, isang umiiral nang kontrata, o negosyo
- Mga plano sa pinansyal
- Mga pagbabago sa senior management
- Ang pagkakaroon ng, o mga malaking o inaasahang pag-unlad sa, paglilitis o pagsisiyasat ng pamahalaan
- Mga pagsasama o merger, pagkuha o pagbebenta
- Mga pagbabago sa ating panlabas na auditor o abiso mula sa ating mga auditor tungkol sa mga pinansyal na statement

Kailangan nating lahat na panatilihin ang pagiging kompidensiyal ng panloob na impormasyon, sa pagiging maingat na hindi ito makuha ng mga nasa labas ng ating Kompanya. Hindi natin dapat ibahagi ito sa mga kapwa kasamahan na hindi nangangailangan nito para maisagawa ang kanilang mga responsibilidad.

Ang pagbili o pagbebenta ng mga security ng isang kompanya habang may kamalayan ka sa panloob na impormasyon tungkol sa kompanyang iyon ay itinuturing na "insider trading." Ang kasanayang ito ay ilegal, at gayon din ang pagpasa ng panloob ng impormasyon sa iba na maaaring bumili o magbenta ng mga security batay sa mga panloob na impormasyong ito.

Sa sandaling maisiwalat sa publiko ang material na impormasyon ito sa lugar ng merkado sa pamamagitan ng itinatag na mga channel at nagkaroon na ang publiko ng sapat na oras upang makuha ang impormasyon, hindi na ito maituturing na "panloob na impormasyon." Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa insider trading, dapat kang makipag-ugnayan sa Law Department ng Knowles.

MGA PAGSISIYASAT AT PAG-O-AUDIT

Inaasahan na makikipagtulungan tayo sa anumang mga panloob o panlabas na auditor, pati na rin sa mga imbestigador o regulator ng pamahalaan na humihiling ng impormasyon na may kaugnayan sa anumang mga pag-o-audit o pagsisiyasat ng ating Kompanya. Nangangahulugan ito na dapat tayong magbigay tangi lang ng tumpak at kompletong impormasyon sa mga partido ito. Karagdagan pa, hindi natin dapat i-delete o sirain ang mga talaan na sumasailalim sa (o malamang na sasailalim sa) isang imbestigasyon ng pamahalaan o panloob, subpoena o demanda.

Hindi natin dapat na impluwensyahan ang sinumang auditor, regulator o imbestigador na sumusuri sa mga talaan ng ating Kompanya, o kahit na ang hikayatin ang sinuman na gawin ito. Kung hinilingan ka imbestigador ng pamahalaan na makibahagi sa mga inspeksyon o panayam, o hinilingan ng mga dokumento o impormasyon, dapat agad mong abisuhan ang iyong superbisor at sundin ang patakaran ng iyong kompanya.

PAGGALANG AT PAGPAPAHALAGA SA ATING MGA PANGGLOBONG KOMUNIDAD

PANGKAPALIGIRANG PAGPAPANATILI

Bahagi ng pagiging isang etikal na kompanya ang paggawa ng responsableng negosyo sa lahat ng bahagi ng mundo at pagprotekta sa ating pangglobong komunidad. Dapat gawin ng bawat isa sa atin ang ating bahagi sa pagpapatibay ng pangakong ito sa ating kapaligiran sa pamamagitan ng pagsunod sa lahat ng naaangkop na mga tuntunin at regulasyong pangkapaligiran at sa pamamagitan ng pagsisikap upang mabawasan ang ating “carbon footprint.”

MGA KONTRATA NG PAMAHALAAN

Kapag nagtatrabaho sa mga potensyal o umiiral na mga kustomer sa pamahalaan, napakahalagang sumunod tayo sa iba't ibang mga batas, regulasyon at pamamaraan na kumakapit sa gawang kontrata ng pamahalaan. Ang mga panuntinang ito ay madalas na mas mahigpit at komplikado kaysa sa mga sumasakop sa ating pagbebenta sa mga komersyal na kustomer. Kung nagsasangkot ang iyong trabaho sa marketing o pagbebenta sa, pagkikipagkontrata sa, o nagtatrabaho sa mga proyekto para sa isang ahensya ng pamahalaan, responsibilidad mong alamin at sundin ang mga partikular na patakaran na kumakapit sa proyekto. Makipag-usap sa iyong superbisor o sa Law Department ng Knowles kung mayroon kang anumang mga katanungan o pagkabahala tungkol sa mga panuntunang ito o sa kanilang pagiging angkop sa trabahong ginagawa mo. Mangyaring tandaan na ang mga paglabag sa mga panuntunang ito ay maaaring magresulta sa malalaking multa, pagkawala ng mga kontrata ng gobyerno sa hinaharap at maaaring kriminal na pag-uusig para sa mga indibidwal na nasasangkot at ang ating Kompanya.

MGA PAMPOLITIKANG KONTRIBUSYON

Hinihikayat ng Knowles ang bawat isa sa atin na magbigay ng ating mga personal na oras at pera upang suportahan ang mga kandidatong pampolitika at layuning pangkawang-gawa (charitable cause) na ating pinili. Gayunpaman, hindi natin maaaring gamitin ang mga mapagkukunan ng Kompanya o ang pangalan ng Knowles kapag gumagawa ng kontribusyon sa o isinasangkot ang ating mga sarili sa mga naturang aktibidad nang hindi muna kumukuha ng pahintulot mula sa Law Department ng Knowles. Kung sa tingin mo ay ginigipit ka o pinupwersang gawin ito, iulat ang pangyayari sa mga mapagkukunan ng tulong na nakalista sa "Paano Ako Hihiling ng Patnubay o Gagawa ng Ulat?" na seksyon ng Kodigong ito. Hindi dapat na maugnay ang iyo mang posisyon sa ating Kompanya o ang iyong potensyal na pagsulong sa hinaharap sa iyong pagsuporta sa mga layuning pampolitika.

MONEY LAUNDERING

Nakatuon ang Knowles sa paglaban sa "money laundering" sa mga bansa kung saan tayo nagnenegosyo. Ang money laundering ay ang proseso kung saan ang ilang indibidwal o entity ay naglilipat ng mga pondong galing sa gawaing kriminal sa pamamagitan ng sistemang pampinansyal upang itago ang mga bakas ng krimen na pinanggalingan ng mga ito, o kung hindi man ay pagmukhaing lehitimo ang mga pondong.

Bagaman iilan sa atin ang maaaring mapunta sa posisyong lumalabag sa mga batas ng money laundering, kailangan nating maging mapagbantay para sa iregularidad sa paraan ng pagbabayad. Kung makakita ka ng alinman sa sumusunod, dapat mong iulat kaagad ang usapin sa Law Department ng Knowles:

- Mga pagbabayad na ginawa sa mga currency na hindi ayon sa isinasaad sa invoice
- Mga pagtatangkang magbayad sa cash o sa katumbas ng cash
- Mga pagbabayad na ginawa ng o sa isang ikatlong partido na hindi sangkot sa kontrata o ng isang account na hindi isang account ng karaniwang ugnayan sa negosyo
- Mga kahilingan o pagtatangkang magsagawa ng mga pagbabayad para sa bawat invoice o grupo ng mga invoice sa pamamagitan ng maraming paraan ng pagbabayad
- Mga kahilingang gumawa ng labis na pagbabayad

MGA PAGWAWAKSI NG ATING KODIGO

Dapat aprubahan ng ating CEO at General Counsel ang anumang pagwawaksi ng ating Kodigo. Dapat na aprubahan ng ating Lupon ng mga Direktor ang anumang mga pagwawaksi ng ating Kodigo na naaangkop sa ating mga direktor o mga executive officer. Hindi magbibigay ang ating Kompanya ng pagwawaksi sa sinumang direktor o executive officer malibang mayroong mga hindi pangkaraniwang pangyayari. Sa pagkakataong ibigay ang anumang naturang pagwawaksi sa sinumang direktor o executive officer ng Kompanya, ibubunyag natin ito agad sa mga shareholder ng Knowles sa pamamagitan ng paghahain ng isang ulat na Form 8-K o pagpo-post sa website ng Knowles. Ang lahat ng mga materyal ng pag-amenda sa ating Kodigo ay dapat na inaprubahan ng ating Lupon ng mga Direktor at agad na isisiwalat kapag hiniling ng regulasyon o batas.